**INTERNATIONAL NAPASA ( December, 3rd 2024 )**

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG OKTUBRE SA LOOB NG SIYUDAD

10月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Oktubre ay nagkaroon ng kabuuang 50 kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Amanuma, na may 12 kaso, Tamura na may 5 kaso, Kita Kaname 3 kaso at tag 2 kaso naman sa Beniyacho, Hiratsuka, Mitsukecho, Ookami, Miyamatsucho at Yaezakicho. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 13 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo lalo na sa lugar ng Higashi Shindo na may 5 kaso at Ookami na may 2 kaso. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw.

## 2)IMPORMASYON UKOL SA WALKING PARA SA KALUSUGAN

健康ウォーキングのお知らせ

Sa DEcember 10 (Tuesday) ay magkakaroon ng paglilibot na ***" WALKING PARA SA KALUSUGAN "*** sa mga parke sa loob ng siyudad ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 9:20 ng umaga hanggang 11:40 ng tanghali sa Sakuragaoka Koen at sa Tanjougaoka Koen na may 6 Km ang distansiyang paglalakad. Para sa ga gustong lumahok magkikita-kita sa harap ng outdoor stage ng Sogo. Magdala lamang ng inyong sariling tuwalya, sombrero, inumin at kapote. At kung sakaling umulan, ito ay gaganapin sa petsa ng December 11 (Martes). Para sa mga mga katanungan ukol dito ay maaaring tumawag sa ***HEALTH SECTION ( KENKO KA )*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-55-2111 (0463-55-2111).**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa December 8 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na “***SUNSUN・MARCHE”*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 4)IMPORMASYON UKOL SA LIBRENG CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa December 6 (Friday) hanggang December 8 (Sunday) ay magkakaroon ng

“***CHRISTMAS FIESTA”*** sa Hachimanyama no Youkan. Ang oras sa petsa ng December 6 ay mula 1:00 hanggang 3:30 ng hapon. At sa petsa ng December 7 ay mula 10:00 ng umaga hanggang 5:00 ng gabi. At sa huling araw ng December 8 ay mula 10:00 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon.

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. At ang pagpasok dito ay libre.